Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

14 Enero 2018 | Ika-2 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

Tinawag Upang Makasalo sa Buhay at Misyon ni Kristo

Sinabi ni Hesus sa dalawang alagad ni Juan Bautista, "Halikayo't tingnan ninyo." Upang maging isang alagad ng Panginoong Hesus, hindi sapat na alamin lamang ang magagandang bagay tungkol sa Diyos at ang kanyang mga plano sa sangkatauhan, masaksihan ang mga kamangha-manghang himala nang malapitan, o maglakbay kasama niya. Higit sa lahat, ito'y nangangahulugang pagkakaroon ng isang personal at matalik na relasyon sa kanya. Ang gayong kaugnayan ay nagbibigay kahulugan at direksyon sa buhay ng isang tao, nagiging kaisa ni Kristo sa pagpapahayag ng Mabuting Balita para sa lahat at upang ang kaharian ng Diyos ay makapangyari sa puso ng mga tao.

Ang personal na relasyong ito ay nakapagdudulot ng kagalingan sa mga disipulo at mas napapalalim ang kanilang ugnayan kay Hesus. Sa gayong paraan masasabi nila, gaya ni San Pablo, "Kung ako ma'y buhay, hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin. At habang ako'y nasa daigdig, namumuhay ako sa pananalig sa Anak ng Diyos na umibig sa akin at nag-alay ng kanyang buhay para sa akin" (Gal 2:20). Ito nawa ang ating maging panalangin para sa Eukaristiyang ito.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sinasamba ka ng tanan, Poong D'yos ng sanlibutan, ikaw ay inaawitan. Sinasamba ang 'yong ngalan, Poong kataas-taasan.

Pagbati

P **–**Ang biyaya at kapayapaan ng ating Diyos Ama, ng Panginoong Hesukristo at ng Banal na Espiritu Santo ay sumainyo.

B **– At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P **–**Sa pagtitipon natin ngayon bilang kapamilya ng Diyos upang ipagdiwang ang Eukaristiya at pagnilayan ang misteryo ng panawagan ng Panginoon, saglit tayong manahimik habang iniisip kung paano nating tinugunan ang Kanyang paanyaya. *(Manahimik saglit.)*

P **–** Panginoong Hesus, araw araw mo kaming tinatawag upang paglingkuran ka sa aming kapwa, subalit madalas kaming tumatanggi sa iyong panawagan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B **– Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoong Hesus, tumatawag ka ng ilang mga espesyal na tao para mamuno sa aming komunidad, subalit madalas di namin sila sinusuportahan at ginagalang. Kristo, kaawaan mo kami!

B **– Kristo, kaawaan mo kami!**

P **–**Panginoong Hesus, inaasahan mo kaming magbigay inspirasyon sa aming kapwa sa pamamagitan ng aming magandang halimbawa, subalit minsan sila ay nasusuya sa aming di-Kristiyanong pag-uugali. Panginoon, kaawaan mo kami!

B **– Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B **– Amen!**

Papuri

B **–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng

Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P **–**Ama naming makapangyarihan, ang langit at lupa ay iyong pinamamahalaan. Dinggin mo ang pagluhog ng iyong sambayanan at pagkalooban mo kami ng kapayapaan araw-araw sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B**–Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa *1 Sam 3:3-10.19*

Nang si Samuel ay labindalawang taong gulang, narinig niya ang tawag ng Panginoon. Makikita sa kanyang tugon ang kanyang nais na makinig at sumunod sa Panginoon.

L **–**Pagpapahayag mula sa Unang Aklat ni Samuel

Noong mga araw na iyon: Si Samuel ay natutulog sa templo, sa may Kaban ng Tipan. Nang magmamadaling araw na, siya'y tinawag ng Panginoon, "Samuel, Samuel!" "Po," sagot niya. Patakbo siyang lumapit kay Eli at sinabi, "Bakit po?" Sinabi ni Eli, "Hindi kita tinatawag. Mahiga ka na uli." Nagbalik nga siya sa kanyang higaan.

Tinawag siya uli ng Panginoon. Bumangon siya, lumapit kay Eli at itinanong, "Tinatawag po ba ninyo ako? " Sinabi ni Eli, "Hindi kita tinatawag, anak. Mahiga ka na uli." Hindi pa kilala ni Samuel ang Panginoon sapagkat hindi pa siya kinakausap nito.

Sa ikatlong beses na tawagin siya, lumapit uli siya kay Eli at sinabi, "Narinig ko pong tinawag ninyo ako." Naisip ni Eli na ang Panginoon ang tumatawag kay Samuel. Kaya sinabi niya, "Sige, mahiga ka uli. Kapag narinig mo pang tinawag ka, ganito ang sabihin mo: 'Magsalita po kayo, Panginoon. Nakikinig po ang inyong lingkod.' " At muling nahiga si Samuel.

Ang Panginoon ay lumapit kay Samuel at tinawag ito. Sumagot si Samuel, "Magsalita po kayo, nakikinig po ang inyong linkod."

Habang lumalaki si Samuel, patuloy siyang pinapatnubayan ng Panginoon, at nagkakatotoo ang lahat ng sinasabi niya.

Ang Salita ng Diyos!
B **– Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Awit 39*

B –Handa akong naririto upang sundin ang loob mo!

R. M. Velez



*** Ako ay naghintay sa'king Panginoon, at dininig niya ang aking pagtaghoy; tinuruan niya ako pagkatapos ng bagong awiting pampuri sa Diyos.** ***B.***

*** Ang mga panghandog, pati mga hain, at ang mga hayop na handang sunugin, hindi mo na ibig sa dambana dalhin, upang yaong sala'y iyong patawarin; sa halip, ang iyong kaloob sa akin ay ang pandinig ko upang ikaw'y dinggin.** ***B.***

*** Kaya ang tugon ko, "Ako'y naririto; nasa Kautusan ang mga turo mo. Ang nais kong sundi'y iyong kalooban; aking itatago sa puso ang aral."** ***B.***

*** Ang pagliligtas mo'y aking inihayag saanman magtipon ang 'yong mga anak; di ako titigil ng pagpapahayag.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa *1 Cor 6:13-15.17-20*

Habang wala si Pablo, ilan sa mga nagbalik-loob sa Corinto ang bumalik sa kanilang dating gawing pakikiapid. Pinaaalalahanan ni San Pablo ang mga taga-Corinto – at maging tayo – na anumang pakikiapid ay paglapastangan sa katawan ng isang binyagan.

L **–**Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid: Ang katawan ay hindi para sa pakikiapid kundi para sa Panginoon, at ang Panginoon naman ay sa katawan. Muling binuhay ng Diyos ang Panginoong Hesus, at tayo ma'y muling bubuhayin sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan.

Hindi ba ninyo alam na kayo'y mga bahagi ng katawan ni Kristo? Ang nakikipag-isa sa Panginoon ay kaisa niya sa Espiritu.

Huwag kayong makikiapid. Sa alinmang ibang kasalanan na ginagawa ng tao, iba ang napipinsala, ngunit sa pakikiapid, sariling katawan ang kanyang pinipinsala. Hindi ba ninyo alam na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo at tinanggap ninyo mula sa Diyos? Ang inyong katawan ay hindi talagang inyo kundi sa Diyos; binili niya kayo sa malaking halaga. Kaya't gamitin ninyo ang inyong katawan upang maparangalan ang Diyos.

Ang Salita ng Diyos!
B **– Salamat sa Diyos!**

Aleluya *Jn 1:41.17*

B **–Aleluya! Aleluya!**
Natagpuan ang Mesiyas
ng sa kanya'y naghahanap.
Siya'y pag-ibig na matapat.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Jn 1:35-42*

Nang mabalitaan ng dalawang alagad ni Juan Bautistang si Hesus ang Mesiyas, sumunod sila sa kanya at nakilala pa siyang mabuti. Ang isa sa kanila – si Andres, ay dinala pa ang kanyang kapatid na si Pedro kay Hesus.

P **–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
B **–Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, nakatayo si Juan at ang dalawa sa kanyang mga alagd. Nakita niya si Hesus na nagdaraan, at kanyang sinabi, "Ito ang Kordero ng Diyos!" Narinig ng dalawang alagad ang sinabi niya, at sumunod sila kay Hesus. Lumingon si Hesus at nang makitang sumusunod sila ay kanyang tinanong, "Ano ang hinahanap ninyo?" Sumagot sila, "Saan po kayo nakatira, Rabi?" Ang kahulugan ng salitang ito'y Guro. "Halikayo at tingnan ninyo," ani Hesus. Sumama sila at nakita nila ang kanyang tinitirhan; at tumuloy sila roon nang araw na yaon. Noo'y mag-iikaapat na ng hapon.

Ang isa sa dalawang nakarinig

kay Juan at sumunod kay Hesus ay si Andres na kapatid ni Simon Pedro. Una niyang hinanap ang kapatid niyang ito, at kanyang sinabi sa kanya, "Natagpuan namin ang Mesiyas!" Ang kahulugan ng salitang ito'y Kristo. At siya'y isinama ni Andres kay Hesus. Tiningnan ni Hesus si Simon at sinabi sa kanya, "Ikaw si Simon na anak ni Juan. Ang ipangangalan sa iyo'y Cefas." Ang katumbas ng pangalang ito'y Pedro.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Nalulu klok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P **–**Naliwanagan ng Salita ng Diyos at napatibay sa ating pasiyang gawin ang nakalulugod sa Panginoon, idalangin natin sa Kanya ang ating mga kahilingan.

B **–Panginoon, dinggin Mo kami!**

* Para sa buong Simbahan: Patuloy nawa siyang maging ilaw ng katotohanan at tagapagtanggol ng kalinisang-puri. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa at lahat ng mga pinunong espirituwal: Nawa patuloy tayong maliwanagan sa kanilang pagtuturo at mabigyang inspirasyon sa pamamagitan ng kanilang kabutihan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga tinawag ng Panginoon upang maglingkod sa ating pamayanan: Nawa gampanan nila ang kanilang tungkulin ng bukas-loob at tapat sa pagsunod sa halimbawa ni Hesus. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga sangkot sa paggawa at pagpapakalat ng mga pornograpikong materiyal: Nawa mapagtanto nila ang bigat ng pinsalang moral na idinudulot nila sa maraming tao at itigil na ang paggawa ng ganitong krimen. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga naging biktima ng mga malalaswang pahayagan, palabas, at pelikula: Nawa maalaala nilang ang katawan ay hindi ginawa para sa immoralidad kundi upang magbigay kaluwalhatian sa Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga biktima ng *human trafficking* at pananamantala, lalo na sa mga kabataan: Nawa palagi nilang maramdaman ang proteksyon at suporta ng pamahalaan at ng mga pribadong institusyon. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating lahat: Nawa palagi tayong tumugon sa panawagan ng Diyos upang mamuhay bilang mabubuting Kristiyano at responsable at tapat na mamamayan. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P **–** Panginoong Diyos, patuloy mo kaming tinatawag upang maging "asin ng lupa" at "liwanag ng mundo." Ipagkaloob Mo nawa sa amin ang biyayang tuwina'y maging "asin at liwanag" sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B **–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P **–** Manalangin kayo . . .

B **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P **–** Ama naming Lumikha, ipagkaloob mong marapat na ganapin ang banal na paghahain sapagkat tuwing ipinagdiriwang ang alaala ng Anak mong nag-alay, ang pagliligtas niya sa tanan ay nangyayari upang aming pakinabangan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

Prepasyo II

P **–** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya't minabuti niyang siya'y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan, kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami'y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo'y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B **–Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

B **– Ama namin . . .**

P **–** Hinihiling namin . . .

B **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ikaw ay may handang dulang sa harap ko, Poong mahal. Ako'y iyong binibigyan ng kopang maiinumang may inuming umaapaw.

Panalangin Pagkapakinabang

***P* –**Ama naming mapagmahal, padaluyin mo sa amin ang batis ng Espiritu ng iyong pag-ibig upang kaming pinapagsalo mo sa pagkaing iyong bigay para kami'y pagbuklurin ay magkaisa sa pananalig sa iyo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon.

***B*– At sumaiyo rin!**

***P* –**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

***P*–**Pagkalooban nawa kayo ng Panginoon ng kagandahang-loob at lakas na inyong kinakailangan upang makatugon sa kanyang panawagang mamuhay bilang tunay na Kristiyano.

***B* – Amen!**

***P* –**Mapaglingkuran nawa ninyo ang inyong mga kapatid sa pamayanan, lalo na ang mga mahihina, nang may pag-ibig at tiyaga tulad ng sa mga apostol.

***B* – Amen!**

***P* –**Matanggap nawa ninyo ang gantimpalang ipinangako ng Panginoon para sa lahat ng mga naglilingkod sa Kanya sa kanilang kapwa.

***B* – Amen!**

***P* –**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B* – Amen!**

***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan at maging kasangkapan nawa kayo ng pag-ibig ng Diyos para sa lahat.

***B* – Salamat sa Diyos!**

Ang Panawagang Mamuhay ng Matalik sa Diyos

Pinaaalalahanan tayo ng Banal na Kasulatan na ***ang Panginoong Diyos ang tumawag sa atin upang mamuhay nang malapit sa Kanya,*** kahit na ang Kanyang pagtawag ay kadalasang nakararating sa atin sa pamamagitan ng mga taong ginamit Niya upang ipaabot sa atin ang banal na paanyaya.

Ito ang mensahe ng mga pagbasa at ebanghelyo sa araw na ito, habang natututo tayo tungkol sa pagtawag sa batang si Samuel, ang dalawang alagad ni Juan Bautista at si Pedro. Mula sa ganitong mga halimbawa, ***malinaw na sa pamamagitan ng mga tao sinisimulan ng Diyos ang usapan at ugnayan na magdadala sa ilang indibidwal sa unti-unting pagtuklas kung sino si Hesus.***

Kung ano ***ang magiging bunga ng pagtawag ay nakasalalay sa tugon na ilalahad ng taong tumanggap ng mensahe.*** Ang pag-uusap ay magsisimula lamang kung tayo ay tutugon tulad ni Samuel ng "Magsalita po Kayo, Panginoon; nakikinig po ang Inyong lingkod." Ang ganitong kahandaang makinig, lalo na ang kasabikang makalapit sa "tumatawag," ang makatutulong sa ating tumugon sa paanyayang "halikayo at tingnan." Sa pagtungo kung saan nakatira si Hesus at sa pagmamasid kung paano siya namumuhay -- sa kanyang pakikitungo sa mga tao at sa kanyang pakikiugnay sa Ama -- natutunan ng mga alagad ang tungkol sa kanya at nagpasyang manahan sa piling niya sa araw na iyon.

Subalit lalong mahalaga kaysa malaman ang "tungkol kay Hesus," ay ang "makilala si Hesus" – ng personal, mas malalim at mas malapit. Ang ganitong kaalaman ay hindi ang kabuuan ng lahat ng ating natutunan tungkol sa Kanya, kundi ***ang ating tuluy-tuloy na pagpasok sa katauhan ni Hesus at ang pagpayag nating makapasok rin si Hesus sa atin.*** Ang ganitong pagbibigayan at pagtanggap ay nakaugat sa hangarin ng Diyos na ibigay ang Kanyang sarili sa atin at tulungan tayong buksan ang ating sarili upang buong-buo Siyang tanggapin at handang tupdin ang Kanyang kalooban.

Ito ay nagaganap sa kataimtiman ng ating pagninilay kung saan binubuksan natin ang ating sarili sa pagmamahal ng Diyos, tulad ng mga bulaklak na bumubuka sa pagpatak ng ulan at sa pagsikat ng araw. Ang ganitong pagtatagpo, na nabubuo sa pagbibigayan at paghahandog, ay nagbubunga ng nagbibigay-buhay na ugnayan at kaganapan na mahirap ilarawan.

Di natin alam kung ano ang nakita at narinig ng mga alagad ni Juan sa bahay kung saan nakatira si Hesus. Subalit ***alam natin ang malaking pagbabagong naganap sa isa sa kanila – kay Andres.*** Sa totoo lang, nang sumunod na araw, ang unang ginawa ni Andres ay hanapin ang kanyang kapatid na si Simon upang sabihing natagpuan niya ang Mesiyas at dalidali siyang isinama kay Hesus. Tuloy, ***si Andres ay naging tagapagturo ng Mabuting Balita.***

Tunay nga na nakapagpapabago ang pagiging malapit sa Panginoon sa mga positibong tumutugon sa Kanya. Ngayon, tayo naman ang hinahamong tumulad sa kanila.

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua